**INTERNATIONAL NAPASA　( March 25th　2025 )**

## 1)SCHEDULE NG LABAN NG SHONAN BELLMARE SA LEMON GAS STADIUM

湘南ベルマーレのレモンガススタジアムでの試合予定のお知らせ

Sa April 6 (Sunday) ay may schedule ng laro ang ***SHONAN BELLMARE*** laban sa ***NAGOYA GRAMPUS*** Ang oras ng umpisa ng laban ay mula 3:00 ng hapon. Ang ticket na hindi nakareserba ang upuan kung binili ng maaga ay nagkakahalaga ng **¥ 2500** para sa mga matatanda at **¥ 900** naman sa mga mag-aaral ng nasa elementarya, Junior High School at High School. Kung bibilhin sa takdang araw ng laban ay may karagdagang **¥ 500.**

## 2)UKOL SA PAG-PROSESO NG WALANG MGA PAPEL NADOKUMENTO SA

市役所での手続きのペーパレス化についてのお知らせ

Mula noong February 4 ay nagsimula na ang bagong sistema sa Hiratsuka City Office na tinatawag “Non-Writing Counter”. Ang “Non-Writing Counter na ito ay sistema na halimbawa ay magpo-proseso ng Residence Certificates ay hindi na kinakailangan pang magsulat ng application form, sa halip ay derestong sabihin sa staff na nasa counter ang mga kinakailangang impormasyon, matapos mai-record sa computer ang mga kinakailangang impormasyon ay tapos na rin ang iyong pagproseso.　Subalit hindi lahat ng mga gustong i-proseso ay maaari dito sa “Non-Writing Counter”. Ang mga listahan ng mga serbisyo na sakop nito ay makikita sa Website ng Hiratsuka City Office. Para sa iba pang inpormasyon ay makipag-alam sa ***DIGITAL PROMOTION DIVISION (DEIJITARU SUISHIN KA)*** ng Hiratsuka City. Telephone No. **0463-20-8804 (0463-20-8804).**

## 3) IMPORMASYONUKOL SA WALANG BAYAD NA MATRIKULA SA KOLEHIYO

大学の授業科無償化のお知らせ

Mula sa April, 2025 ang tahanang may 3 anak o higit pa ay malilibre na sa bayarin ng matrikula sa Kolehiyo anuman ang laki ng suweldo ng magulang. Libre rin ang 2 year college course at mga Technical College. Subalit kung ang mag-aaral ay nagta-trabaho na ay hindi na malilibre ang matrikula. Para sa pag-aapply ay makipag-alam lamang sa papasukang Unibersidad.

## 4)PAGPAPAALAM UKOL SA PAGBABAGO SA PATAKARAN SA PAGBIBISIKLETA

自転車の運転規則変更マナーについて

Mula noong November 1 ang patakaran sa oras ng pagbibisikleta ay naging mahigpit na.

**ANG MGA SUMUSUNOD NA PAGLABAG AY PAPATAWAN NG PARUSANG MULTA O PAGKABILANGGO:**

1. Paggamit ng mobile phone habang nagbibisikleta.
2. Pakikipag-usap gamit ang mobile phone habang nagbibisikleta.
3. Pagbibisikleta matapos maka-inom ng alak.

At paglabag din sa batas ang pagpapahiram ng bisikleta sa taong nakainom ng alak at magbisikleta.

## 5)INPORMASYON SA PAGSISIMULA NG CASHLESS NA EKONOMIYA SA PASILIDAD

平塚市の施設でのキャッシュレス決済開始のお知らせ

Noong September 3 (Tuesday) ay nagsimula nang gamitin ang pagbabayad ng Electronic money sa Heated Swimming Pool at Training Room sa General Gymnasium ng Hiratsuka City. Para sa mga detalye ay makikita sa ***HOME PAGE*** ng Hiratsuka City. Para sa mga katanungan ukol sa bagay na ito ay tumawag lamang sa ***SOGO KOEN MANAGEMENT OFFICE (SOGO KOEN KANRI JIMUSHO)*** ng Hiratsuka City. **Telephone Number 0463-35-2233 ( 0463-35-2233).**